# Tunay na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagwalang-kaugnayan sa Sāliqah, Ḥāliqah, at Shāqqah."}

Ayon kay Abū Bardah bin Abī Mūsā (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Dumanas si Abū Mūsā ng isang matinding sakit kaya hinimatay siya habang ang ulo niya ay nasa kandungan ng isang babae kabilang sa mag-anak niya ngunit hindi siya nakakaya na tumugon dito ng anuman. Noong nagkamalay siya, nagsabi siya: "Ako ay walang-kaugnayan sa sinumang nagwalang-kaugnayan doon ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Tunay na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagwalang-kaugnayan sa Sāliqah, Ḥāliqah, at Shāqqah."}

[صحيح] [متفق عليه]

Nagkuwento si Abū Bardah (malugod si Allāh sa kanya) na ang ama niyang si Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya) ay nagkasakit ng isang matinding pagkakasakit habang ang ulo niya ay nasa kandungan ng isang babae kabilang sa mag-anak niya saka humiyaw ito at nanaghoy ito sa kanya ngunit hindi siya nakakaya na tumugon dito ng anuman dahil sa pagkahimatay niya. Noong nagkamalay siya, nagsabi siya na tunay na siya ay walang-kaugnayan sa sinumang nagwalang-kaugnayan doon ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Tunay na ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagwalang-kaugnayan nga sa sumusunod: Ang Sāliqah: ang babaing nagtataas ng tinig sa sandali ng kasawiang-palad; Ang Ḥāliqah: ang babaing nag-aahit ng buhok niya sa sandali ng kasawiang-palad; Ang Shāqqah: Ang babae na pumupunit ng kasuutan niya sa sandali ng kasawiang-palad. Dahil ang mga ito ay mga gawain ng Panahon ng Kamangmangan; bagkus nag-utos siya ng pagtitiis sa sandali ng mga kasawiang-palad at pag-asa kay Allāh ng gantimpala sa pagtitiis dito.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4849